# NOEL GALON DE LEON

Nakatira at nagtatrabaho si Noel Galon de Leon bilang guro ng Filipino at Malikhaing Pagsulat sa Visayas. Siya ay nakabase sa Iloilo City kung saan siya ay miyembro ng fakulti ng UP Visayas. Nanalo ng premyo ang kaniyang mga tula sa 2018 Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature. Siya ay co-founder ng Iloilo Mega Book Fair, Magsugilanonay Kita: West Visayan Mother Tongue Children's Books Summit, at ang tagapagtatag ng Kasingkasing Press.

# WELGA BATOK SA DEMONYO

Sang wala na sing mahimo matimo sa kabukiran sang mga basura, gilayon nga ginlayasan sang bata ang nagakadunot nga palasyo. Wala sya magbalikid bisan pa nagapangagda ang humot kag dayaw, kag ang makalilingaw nga pagbalik-balik sang mga trak sang bisita. Sa likod, may isa pa ka bata nga nagadagundagon sunod sa iya, wala man nagpalutos sa gera sa tunga sang suloksulok kag hunahuna. Ginsundan sini ang kada tikang nga ginaobra sang bata nga nauna sa iya. Sa likod sang nagasunod nga bata, wala man gabalikid ang ara sa unahan, nakahibalo sya nga nagasunod ang ginatos pa nga kabataan nga ginasubay ang iya inagyan padulong sa iya kaladtuan. Indi sila mapunggan sang tawag-singgit sang mga ginikanan, wala sing busina nga nakapadulog sa ila padayon nga pagtikang. Sang makaabot ang nagatiniil nga mga bata sa atubang sang isa ka talatapan nga napintahan sang tuman ka puti, didto nila dululungan nga ginsuka ang kaakig sang ila mga handum. Wala sila mahadlok magutom sa mga masunod nga adlaw, wala sila mahadlok nga magtulog kaupod ang tun-og kag kariit sang kalsada. Bwas gilayon, pagatunawon nila ang puti nga duag sang talatapan sang demonyo gamit ang ila panulok. Indi sila magtulog, sila ang mangin bantay-saksi kon paano layasan sang demonyo ang hulam sini nga gahom kag kusog nga ginbayuan sang puti nga pinta.

# WELGA LABAN SA HALIMAW

Pagkatapos na wala nang masalat na pagkain sa gabundok ng basura, naglakad palayo sa nabubulok na palasyo ang bata. Hindi siya lumingon gaano man siya akitin ng amoy at mamangha sa sunod-sunod na dating ng mga trak ng bisita. Sa likod, may isa pang batang nagmamadaling lumalakad-takbong nakasunod sa kaniya, hindi rin nagpatinag sa digmaan ng sikmura at isip. Sinundan nito ang bawat hakbang na ginagawa ng batang nauna sa kaniya. Sa likod ng nakasunod na bata, hindi man nakalingon ang nasa unahan, alam niyang nakasunod ang daan-daan pang mga bata kung saan siya patungo. Hindi sila nagpaabala sa tawag-sigaw ng magulang, walang busina ang makapipigil sa kanilang patuloy na pagkilos-lakad. Nang matunton ng mga batang nakapaa ang harap ng isang gusaling napipintahan ng puti, doon nila sabay-sabay na isinuka ang galit ng kanilang mga pangarap. Hindi sila natakot magutom sa mga sumunod na araw, hindi sila natakot matulog kasama ang hamog at sindak ng lansangan. Bukas na bukas, tutunawin nila ang puting pinta ng bahay ng halimaw gamit ang kanilang mga titig. Hindi sila matutulog, magiging bantay-saksi sila kung paano lisanin ng halimaw ang hiram nitong lakas at kapangyarihan na nabibihisan ng puting pintura.